Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Region V – Bicol**
**SCHOOLS DIVISION OFFICE OF CATANDUANES**

DEPED DIVISION OF CATANDUANES RECORDS SECTION RELEASED BY: JUL 05 2021 DATE: TIME: 9:00 AM

July 1, 2021

DIVISION MEMORANDUM
OSDS-CID- DM 266 , S. 2021

# PANSANGAY NA PATIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA CUM PAGLULUNSAD NG PAGBASA ANG PAG-ASA PROGRAM

Sa mga: Punong Tagamasid
Tagamasid Pansangay
Tagamasid Pampurok
Punongguro (Elementarya at Sekundarya)

1. Alinsunod sa Panrehiyong Memorandum Blg.41, s. 2021, magkakaroon ng online patimpalak sa pagsulat ng personal na sanaysay, talumpati at panukalang proyekto ang Sangay ng Catanduanes sa darating na Hulyo, 2021 bilang paghahanda sa pagdiriwang ng Buwan Ng Wika. Kasabay ng pagdiriwang na ito, ilulunsad din ang pandibisyong programa sa pagbasa na pinamagatang Pagbasa ang Pag-asa Program.

2. Layunin ng patimpalak/programa ang mga sumusunod:

a. Mahimok ang mga mag-aaral na mag-aral nang mabuti sa gitna ng panahon ng pandemya.
b. Masusing masubaybayan ng guro ang mga bata upang matamo ang performance standard sa bawat yugto.
c. Mailunsad ang proyekto/programang Pagbasa ang Pag-asa.
d. Magkaroon ng pagsasanay sa pagtuturo ng literasi ang mga LSAs.
e. Magkaroon ang bawat paaralan ng pampaaralang plano ng interbensiyon sa pagbasa.
f. Mamonitor ang mga LAC session sa paaralan sa pagpapatupad ng pograma sa pagbasa ng Central Office at ng Rehiyon 5; 3B s at 5B s.

3. Ang mga kalahok sa patimpalak ay ang mga kasali sa panrehiyong pagsasanay/webinar sa sanaysay, panukalang proyekto at talumpati. Ang kanilang mga pangalan ay matatagpuan sa Kalakip 1 ng Memorandum na ito. Ang mekaniks ay matatagpuan sa Kalakip 2. Samantala, ang mga sinulat na entries sa pansangay na patimpalak at video ay isusumite sa CID c/o Ma. Gina M. Templonuevo sa Hulyo 23,2021. Ang mananalo ng unang puwesto ang siyang magiging entry para sa panrehiyong patimpalak sa Buwan ng Agosto.

4. Bago ang paglulunsad ng Pagbasa ang Pag-asa Program, ang bawat Tagamasid Pampurok ay inaasahang makapagsumite ng mga pangalan ng LSAs para sa gagawing pagsasanay sa pagtuturo ng pagbasa. Ang deadline ay sa Hulyo 5, 2021 c/o Ma. Gina M. Templonuevo. Ibibigay ang kompletong pangalan ng LSA, distrito at ang paaralang kanyang pinagsisilbihan at ang petsa ng online na pagsasanay ay ipapaalam na lamang sa pamamagitan ng Tagamasid Pampurok.

5. Kabilang din sa Pagbasa ang Pag-asa Program ang district online na pagmonitor ng mga pampaaralang LAC session sa pagpapatupad ng pagsasanay sa pagtuturong panlitersai sa Filipino. Ito ay gagawin simula buwan ng Hulyo-Agosto, 2021. Inaasahan ang pagkakaroon ng

bawat paaralan ng plano ng interbensiyon sa pagbasa sa huling araw ng kanilang pagsasanay at ito ay isusumite kay Ma. Gina M. Templonuevo, EPS sa Filipino sa huling linggo ng Agosto 2021. Irereport din ng mga LAC leaders ng distrito ang mga plano ng mga paaralan sa oras ng online monitoring. (Ang mga LAC leaders na tinutukoy dito ay siyang mga punong-guro/guro na tagapagdaloy ng (Pansangay na Pagsasanay sa Pagtuturong Panlitersai.)

6. Ang lahat ng gastusin sa patimpalak ay manggagaling sa Division HRTD fund; samantala, ang gastusin sa pagmonitor ng school LAC at pagsasanay ng LSAs ay kukunin sa Division ELLN fund. Ang pagkain at iba pang gastusin ng mga guro at punong-guro sa kanilang pampaaralang LAC session sa pagtuturo ng literasi at sa online monitoring reporting ay manggagaling sa MOOE ng paaralan at ito ay dadaan sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

7. Para sa inyong patnubay at pagpapatupad ng Memorandum na ito.

**SUSAN S. COLLANO**
Kawaksing Tagapamanihala
Itinalaga, Tanggapan ng Tagapamanihala

Ilalagay Sa Palagiang Taluntunan:
Sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:
**PROGRAMA INTERBENSIYON LITERASI**

gmt/ **DM PANSANGAY NA PATIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA CUM PAGLULUNSAD NG PAGBASA ANG PAG-ASA PROGRAM**
005/July 1, 2021

San Roque, Virac, Catanduanes
052 – 8114063
catanduanes@deped.gov.ph
www.depedrovcatanduanes.com
DepEd Tayo – Region V – Catanduanes

KALAHOK SA SULAT-BIGKAS TALUMPATI (JUNIOR HIGH SCHOOL)

| PAARALAN | TAGAPAGSANAY | Email Address | MAG-AARAL | PRINSIPAL |
|---|---|---|---|---|
| Catanduanes National High School | Eva De Leon<br>John Edgar P. Maca<br>Judith C. Tapado<br>Olivia T. Riosa | eva.deleon001@deped.gov.ph<br>johnedgar.maca@deped.gov.ph<br>judith.custodio002@deped.gov.ph<br>olivia.riosa@deped.gov.ph | Jorge Felipe A. Icamen<br>Julian B. Joson<br>Trisha T. Del Rosario<br>Kameron Joses<br>Kyven B. Alberto | Amelia R. Eusebio |
| San Andres Vocational School | Geraldine Kay Timbal | geraldinekaybasallote@gmail.com | Marilyn C. Romero | Maybelle F. Rubio |
| Viga Rural Development High School | Rosie T. Osida, TIII<br>Marcelino Matienzo, TIII | rosie.osida001@deped.gov.ph<br>marcelino.matienzo@deped.gov.ph | Margarette O. Go<br>Mariano S. Oclos | Clemente T. Olarte |
| Pandan School of Arts and Trades | John Lester B. Lacson, TI | jonlester.lacson@deped.gov.ph | Marie Danielle B. Evangelista | |
| Bato Rural Development High School | Myra Teope<br>Liza Bonafe<br>Lilibeth Odiaman | myra.teope@deped.gov.ph<br>liza.bonafe@deped.gov.ph<br>lilibeth.mendez@deped.gov.ph | Fatima Bongalon<br>Micah Ruelle Timajo<br>Emmalyn Tapia | Sonia V. Prensader |
| San Miguel Rural Development High School | Cherry Ann Mijares<br>Marilou T. Padua,Teacher III | cherryann.mejares@deped.gov.ph<br>marilou.padua@deped.gov.ph | Via R. Valenzuela<br>Mark Darrell A. Sto Tomas | Juan S. Torreja |
| Baras Rural Development High School | Clarence T. Tibar | | Angela Mae Soledad | Lyra C. Tusi |
| Bagamanoc Rural Development High School | Rudeth T. De Jesus, TIII | rudeth.dejesus@deped.gov.ph | Princess Mae Loterte | Milagros V. Lim |
| Caramoran Rural Development High School | Ailene D. Sambrano, TI | ailene.sambrano@deped.gov.ph | Dexie Aleah Sabeniano | Cesmenda Borrromeo |
| Calatagan HS | Nanette Tejerero | nanette.tejerero002@deped.gov.ph | Alyssa Mae Vitalicio | Fidel A. Vegim |
| Hawan NHS | Roy G. Caballero, TIII | roy.caballero@deped.gov.ph | Hannah Mae V. Villegas | Ramon T. Templonuevo |
| Gigmoto Rural Development High School | Paulo S. Jimenez, TIII | paulo.jimenez@deped.gov.ph | Dan Clarence J. Tindugan | Nelson Narit OIC |
| Panganiban NHS-CAIC Compound | Eva C. Valledor, TIII | eva.valledor@deped.gov.ph | Ailah Marie V. Atencia | Eddie S. Ogalesco |

Kalakip sa Memorandum Pansangay Blg. _________,s. 2021

KALAHOK SA PANUKALANG PROYEKTO (SENIOR HIGH SCHOOL)

| PAARALAN | TAGAPAGSANAY | Email Address | MAG-AARAL | PRINSIPAL |
|---|---|---|---|---|
| Catanduanes National High School | Emmanuel T. Barrameda<br>Noreen Uchi | emmanuel.barrameda@deped.gov.ph<br>noreen.uchi@deped.gov.ph | Cyra Kaye T. Tuazon<br>Alexie Rose Ebon | Amelia R. Eusebio |
| San Andres Vocational School | Pamela Jane V. Masagca<br>Jon Allen M. Sarmiento | pamelajane.masagca@deped.gov.ph<br>jonallen.sarmiento@deped.gov.ph | Kisha Alexi T. Santos<br>Kent T. Laurente | Maybelle F. Rubio |
| Viga Rural Development High School | Theresa T. Saga, TII<br>Zoilo Mendez, TII | theresa.saga@deped.gov.ph<br>zoilo.mendez@deped.gov.ph | Rose Ann T. Tumala<br>Charlynne Araojo | Clemente T. Olarte |
| Pandan School of Arts and Trades | Gener E. Alberto, TI<br>John Lester Lacson<br>Glory Ann Deluna | gener.lacson@deped.gov.ph | Kent Richmond Antonio<br>Crystal Dolrhin Pamplona | Ronald R. Refre |
| Bato Rural Development High School | Gina Lizaso<br>Kristine Arcilla | gina.lizaso@deped.gov.ph<br>kristine.rodolfo@deped.gov.ph | Cymon Balmadrid<br>Daryl Gelito | Sonia V. Prensader |
| San Miguel Rural Development High School | Karen G. Tosoc, T II<br>Jenny P. Tejerero, TIII | karen.tosoc001@deped.gov.ph<br>jenny.tejerero@deped.gov.ph | Jhoana Marie M. Boseo<br>Rhea Isabel Bernal | Juan S. Torreja |
| Baras Rural Development High School | Theresa T. Saga, TII | | | Lyra C. Tusi |
| Bagamanoc Rural Development High School | Rudeth T. De Jesus | rudeth.dejesus@deped.gov.ph | Jimuel B. Ciego | Milagros V. Lim |
| Caramoran Rural Development High School | Pinky T. Talion, TIII | pinky.talion@deped.gov.ph | Cristie Y. Icamen | [Cesmenda Borromeo |
| Calatagan HS | Reina O. Tatad | | Ailah Marie A. Tabilog | Fidel A.Vegim |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| CES | Castillo | | Tarroquin | Magdaraog |
| Calatagan ES | Sherry H. Tabo | sherry.tabo@deped.gov.ph | Nikka Lousse L. Ocray | Salve Templo |
| San Vicente ES | | | | Opero Turado |
| Palnab ES | Imelda Gonzales | imelda.gonzales@deped.gov.ph | Bianca Mae T. Pereyra | Jessie V. Icaranom |
| Tinago ES | Ricky V. Tid | ricky.tid@deped.gov.ph | Ayah Ashlhyn Tating | Danilo V. Valderrama |

Kalakip __ sa Memorandum Pansangay Blg. _____, s. 2021

PANUNTUNAN AT PAMANTAYAN:

I. PERSONAL NA SANAYSAY (Sulat-Basa) -Baitang 6

1. Ang tema/paksa ng sanaysay ay patungkol sa personal na karanasan ngayong panahon ng pandemya.
2. Ang sanaysay ay nasa wikang Filipino at walang salitang maaaring makapanira o makapanakit ng kapwa, orihinal at hindi bababa sa 600 salita at hindi lalampas sa 750 salita.
3. Ang sipi ng sanaysay ay kompyuterisado, arial font (12 pts.) at double-space sa 8 1/2" x 11" na papel.
4. Ang pre-recorded video ay naglalaman ng isang malikhaing pagbasa ng sanaysay at hindi lalamps sa 10 minuto.
5. Ang ipapasang sipi ng ng sanaysay at pre-recorded video ay kinakailangang walang pahiwatig ng pangalan at paaralan kalahok. Kasama ng lahok, isumite ang pormularyo ng paglahok na may 2x2 retrato ng kalahok.
6. Ang pamantayan ay:

   Nilalaman
   (orihinal, angkop sa paksa, kaisahan ng diwa at daloy ng talakay) 40%

   Istilo at Mekaniks
   (malikhain, 600-750 salita, wastong baybay, bararila, wastong bantas) 30%

   Pagtatanghal
   (kakayahang pantanghalan, dating sa madla, hindi Lalampas sa 10 minuto)
7. Ang pasya ng lupon ng inampalan ay pinal at hindi na mababago.

II. TALUMPATI (Sulat- Bigkas) – Junior High

1. Ang tema/paksa ng talumpati ay patungkol sa wika at bakuna ngayong panahon ng pandemya.
2. Ang talumpati ay kailangang sariling katha ng kalahok, kompyuterisado, arial font (12 pts.), at double-space sa 81/2 X 11 na papel.
3. Ang pre-recorded video ay naglalaman ng malikhaing talumpati ng kalahok at hindi lalampas ng 10 minuto.
4. Ang ipapasang sipi ng talumpati at pre-recorded video ay kinakailangang walang pahiwatig ng pangalan at paaralan ng kalahok. Kasama ng lahok, isumite ang pormularyo ng paglahok na may retrato ng kalahok.
5. Ang pamantayan ay:

   Nilalaman at pagkasulat 50%
   (angkop na paksa, may patunay, organisasyon ng diwa)

   Pagtatanghal 50%
   ( interpretasyon, hikayat, tinig, bigkas, tindig , kakanyahang pantanghalan,

dating sa madla, hindi lalampas
sa 10 minuto)

6. Ang pasya ng lupon ng inampalan ay pinal at hindi na mababago.

III. PANUKALANG PROYEKTO -SHS

1. Ang tema /paksa ng proyekto ay patungkol sa panukalang negosyo na maaaring pagkakitaan sa panahon ng pandemya.
2. Ang panukalang proyekto ay kailangang orihinal na konsepto at hindi pa nailathala, kompyuterisado, arial font (12 pts.) at double-space sa 8 1/2 X 11" na papel.
3. Ang pre-recorded video ay naglalaman ng malikhaing presentasyon ng panukalang proyekto na hindi lalampas sa 10 minuto.
4. Ang ipapadalang pre-recorded video ng panukalang proyekto ay kinakailangang walang pahiwatig ng pangalan, paaralan at sangay ng kalahok. Kasama ng lahok, isumite ang sipi ng ng panukalang proyekto (word doc. Format) at pormularyo ng paglahok na may 2x2 retrato ng kalahok.
5. Ang pamantayan ay:

| | |
|---|---|
| Nilalaman<br>(angkop sa paksa, etikal,<br>Magagawa at kapakinabangan | 45% |
| Organisasyon<br>(wastong gamit ng wika,<br>at ayos ng pagbuo ng panukalang<br>proyekto) | 30% |
| Presentasyon<br>(pagkamalikhain at hikayat sa madla) | 25% |

6. Ang pasya ng lupon ng inampalan ay pinal at hindi na mababago.